IJMERI Journal

Volume 02 Issue 03 | August 2024

Article 4

**E- ISSN:** 2980-4760
**P- ISSN:** 2980-4752

DOI: 10.17613/828g-7k34

# Pinoy ako, pero Hindi Filipino Major: Pag-aaral sa Karanasan ng Guro sa Pribadong Paaralan

**Harold A. Magcalas**
hmagcalas09@gmail.com
Teacher, La Consolacion University, Malolos, Bulacan, Philippines

**Rosie L. Bautista**
rosiebautista997@gmail.com
Teacher, La Verdad Christian College, Pampanga, Philippines

**Leonora F. de Jesus**
leonora.dejesus@bulsu.edu.ph
Associate Professor V, Bulacan State University
Bulacan, Philippines

**International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation** is an international peer-reviewed academic journal that highly values the importance of developing knowledge in the field of multidisciplinary educational and innovative research. The journal's scope is broad, with the goals of disseminating information and providing a place for discussion, theoretical inquiry, practical applications, research discoveries, and experimentations in the field of education.

**Recommended Citation**
Magcalas, H., Bautista, R., & De Jesus, L. (2024). Pinoy ako, pero Hindi Filipino Major: Pag-aaral sa Karanasan ng Guro sa Pribadong Paaralan. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 2*(3), 43-57. https://doi.org/10.17613/828g-7k34.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ORIGINAL ARTICLE

# PINOY AKO, PERO HINDI FILIPINO MAJOR: PAG-AARAL SA KARANASAN NG GURO SA PRIBADONG PAARALAN

# I AM PINOY, BUT NOT A FILIPINO MAJOR: STUDYING THE EXPERIENCE OF PRIVATE SCHOOL TEACHERS

**Harold A. Magcalas[1], Rosie L. Bautista[2], Leonora F. de Jesus[3]**

[1]*Teacher, La Consolacion University, Malolos, Bulacan, Philippines*
[2]*Teacher, La Verdad Christian College, Pampanga, Philippines*
[3]*Associate Professor V, Bulacan State University, Bulacan, Philippines*




**Received:** May 2024
**Revised:** June 2024
**Accepted:** July 2024
**Available:** August 2024

## ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri ang mga karanasan at kalagayan ng mga guro sa Filipino na nagtuturo ngunit iba sa kanilang espesyalisasyon. Layunin nito na maunawaan ang mga hamon, pamamaraan ng pagtuturo, at mga hakbang na kanilang ginagawa upang mapaigting ang kanilang pagtuturo sa asignaturang Filipino. Sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga talatanungan hinggil sa kanilang demograpikong propayl, mga suliranin sa pagtuturo, at mga karanasan sa pag-iisip at pagsusulong ng mga solusyon, ang pananaliksik ay nagpakita ng mga impormasyon na makakatulong sa pagpapalakas ng kalidad ng edukasyon sa asignaturang Filipino sa mga pribadong paaralan. Ito ay ginamitan ng deskriptibong-korelasyonal na paraan ng pagsusuri at ang estrukturang pang-eksperimentong mixed method ang gagamitin sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito. Gumamit ng purposive sampling ang mga mananaliksik kung saan sampung (10) mga guro sa isang pribadong paaralan ang sumailalim sa pagsagot ng pasulat na pakikipanayam at sa istandardisadong talatanungan na binuo ayon sa anyo ng likert scale. Lumalabas sa isinagawang pag-aaral na ang mga gurong out-of-field na nagtuturo ng Filipino ay nasa ilalim ng kursong BSED na nagpapakadalubhasa sa asignaturang Ingles at BEED. Sila ay nasa pagitan ng 30 hanggang 32 taong gulang at may katagalan na sa serbisyo ng pagtuturo. Lumilitaw sa pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan ang demograpikong profayl ng mga gurong out-of-field sa antas ng suliraning kinahaharap sa istratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at natuklasan na sa pamamagitan ng iba't ibang mga pamamaraan at programa, maaaring mas mapaunlad ang kalidad ng edukasyon na kanilang maibibigay. Dito ay nagbigay sila ng mga mungkahi na maaaring isagawa ng mga kinauukulan upang sila ay matulungan at mapalawak pa ang mga kasanayan. Ang ilan sa mga ito ay ang pagsasagawa ng mga seminar, workshop, at pagsasanay na kaugnay sa kanilang mga asignaturang itinuturo. Hindi masasabing walang kakayahan ang mga gurong out of field na ituro ang asignaturang Filipino kung pagbabatayan ang resulta ng isinagawang pag-aaral, sa katunayan marami silang mga paraang naiisip na maaaring gawin kung mabibigyan lamang sila ng pagkakataon na maihayag ang kanilang mga mungkahing solusyon upang mas mapagbuti ang kailidad ng kanilang pagtuturo sa loob ng klase.

***Mga Susing-salita:*** *out-of-field, asignaturang Filipino, mga guro sa Filipino, pribadong paaralan*

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

**ABSTRACT**

This research aims to assess the experiences and conditions of Filipino teachers who teach but are different in their specialization. Its purpose is to understand the challenges, teaching methods, and steps they take to intensify their teaching in the Filipino subject. By distributing questionnaires regarding their demographic profile, teaching problems, and experiences in thinking and promoting solutions, the research showed information that will help strengthen the quality of education in the Filipino subject in private schools. It was used descriptive-correlational method of analysis and the experimental structure mixed method will be used in the conduct of this research. The researchers used purposive sampling in which ten (10) teachers in a private school were subjected to answering a written interview and a standardized questionnaire developed according to the form of a likert scale. It appears from the conducted study that the out-of-field teachers who teach Filipino are under the BSED course that specializes in the subject of English and BEED. They are between 30 to 32 years old and have been in the teaching service for a long time. It appears in the study that the demographic profile of the out-of-field teachers does not have a significant relationship with the level of problems faced in the teaching strategy of the Filipino subject and it was discovered that through different methods and programs, it can be better developed the quality of education they can provide. Here they gave suggestions that could be implemented by those concerned to help them and expand their skills. Some of these are conducting seminars, workshops, and training related to their subjects taught. It cannot be said that the teachers out of the field are not capable of teaching the Filipino subject based on the results of the study, in fact they have many ways that can be done if they are only given the opportunity to reveal their suggested solutions to better improve the quality of their teaching in the classroom.

***Keywords:*** *out-of-field, Filipino subjects, Filipino teachers, private schools*

## PANIMULA

Sa apat na sulok ng silid-aralan at sa mundo ng pagtuturo, mahalaga ang pagkakaroon ng partikular na estilo sa pamamaraan ng pagtuturo sa pagkatuto. Ang mabilis at epektibong pagkatuto ay nakasalalay sa tamang paggamit ng mga mabisang pamamaraan sa pagtuturo. Sa guro nakasalalay ang kapangyarihan na pumili ng angkop na paraan ng pagtuturo, batay sa kanyang kaalaman sa iba't ibang pangangailangan ng mag-aaral na angkop sa sitwasyon, at sa uri ng paksang-aralin na tatalakayin. Ayon kay Lopez (2021), isang mahalagang papel na ginagampanan ng guro ay ang pag-iisip ng mga epektibong estratehiya na maaaring gamitin upang palawakin at paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa ating sariling wika at panitikan. Dagdag pa ni Barberos, Gozalo, at Padayogdog (2019), ang guro ang nagsisilbing instrumento na bumubuhay sa malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral kaya nararapat lamang na magtaglay din sila ng malawak at sapat na kaalaman upang matugunan ang pangangailangan ng bawat isa. Masasabi nating sa bawat tagumpay na nakakamit ng bawat mag-aaral ay may isang epektibong guro na nagsasakripisyo at naghirap upang marating ng bawat isa ang hinahangad na pagbabago sa kanilang buhay (Burroughs et al., 2019).

Sa hanay ng mga guro hindi lang basta tayo nagtuturo, mahalaga rin na ang mga natututuhan nila sa loob ng silid-aralan ay nagagamit nila sa pang-araw-araw nilang buhay. Masasabi natin na tunay ngang nagampanan at nagawa natin ang ating mga responsibilidad at obligasyon sa bawat mag-aaral dahil tumimo at naikintal sa kanilang mga puso ang bawat aral na ating itinuturo.

Sa isinagawang pananaliksik ni Anez (2022), ayon sa kanya hindi biro ang gawain ng isang guro, sa katunayan marami sa kanila ay pikit-matang tinatanggap at niyayakap ang asignaturang hindi naman nila pinagkadalubhasaan. Madalas na nangyayari ito lalo na sa mga pribadong paaralan sa kasalukuyan at wala kang pagpipilian dahil kailangan mong magtrabaho at kumita ng pera. Kaya ang ilan sa kanila

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ay nahihirapan at isang nagiging dahilan kaya sila tumitigil sa pagtuturo. Hindi maikakailang malaki ang gampanin ng edukasyon sa pag-unlad ng lipunan at susi rin ito sa isang matatag at progresibong bansa.

Isa ito sa mga pangunahing sanhi ng mga pagbabago sa iba't ibang aspeto ng buhay, at hindi maikakaila na ito rin ang susi sa hinahanap na kaunlaran. Ang mga pagbabagong ito ay mas binigyang pansin sa istilo ng pagtuturo na ipinatutupad ng mga guro sa iba't ibang asignatura. Ang mga tradisyonal na paraan ay hinahanay ng mga bagong pamamaraan na mas nagpapaunlad sa interes at aktibong paglahok ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Samakatuwid, isang mahalagang hakbang tungo sa pagtataguyod ng maunlad at matatag na sistema ng edukasyon ay ang pagkakaroon ng mga guro na may sapat na kasanayan, kaalaman, at paghahanda sa mga paksa na ituturo sa loob ng klase.

Ang implementasyon ng programang K-12, partikular na ang pagpapatupad ng Senior High School (SHS) noong 2016, ay nagdulot ng malaking hamon sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Ito ay isang mahalagang yugto sa kasaysayan ng edukasyon sa bansa, at nagdulot ng ilang pagbabago at pangangailangan. Ang layunin ng programang K-12, partikular ang SHS, ay magbigay ng karagdagang dalawang taon ng pag-aaral pagkatapos magtapos sa sekundarya. Sa pamamagitan nito, inaasahan na mas mapaghandaan ang mga mag-aaral para sa kolehiyo. Dahil dito, nangangailangan ang kagawaran ng edukasyon ng mas maraming guro na may kasanayan sa mga espesyalisadong larangan. Ito ay nagdulot ng pagtataguyod para sa pagpapabuti ng training at recruitment ng mga guro. Sa sistema ng edukasyon, hindi maitatangi ang kakulangan ng mga guro sa bawat paaralan. Kahit na nagkaruon ng bakanteng posisyon alinsunod sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 7, s. 2015, hindi ito sapat para sa malaking bilang ng mga mag-aaral sa iba't ibang paaralan sa bansa. Upang tugunan ang suliraning ito, isinagawa ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang pagbabago sa pamamaraan ng pagtanggap ng mga guro para sa Senior High School (SHS). Sa rebisyon na ito, pinapayagan ang mga hindi lisensyadong guro na magturo upang masolusyunan ang kakulangan sa mga pwesto (Bernardo et al., 2020). Bilang resulta, maraming nagtuturo sa mga pribadong paaralan na may iba't ibang larangan tulad ng mga accountant at inhinyero, kahit na may mga guro na may edukasyong panggurong kurso. Sa pagsagot sa isyung ito, inilabas ng DepEd ang DepEd Order 3, Serye 2016, na nagbibigay daan sa mga aplikanteng guro na hindi pa lisensyado, ngunit kinakailangang pumasa sa Licensure Examination for Teachers sa unang limang taon ng kanilang pagtuturo partikular sa Senior High School para maging opisyal na kwalipikado. Ang polisiya na ito ay isang tugon sa isyu ng kakulangan ng mga guro at naglalayong masiguro ang kalidad ng pagtuturo sa SHS. Sa pamamagitan ng pagtutok sa mga hindi lisensyadong guro at pagpapatupad ng isang ebalwasyon mekanismo, ang DepEd ay naghahanda para sa mas mataas na kalidad ng edukasyon.

Sa pagsusuri ni O’Meara at Faulkner (2021), napatunayan na ang mga guro ay may malaking impluwensya sa mga saloobin at pagganap ng kanilang mga mag-aaral. Ito'y nagpapatunay na mahalaga ang paglilipat ng kaalaman mula sa guro patungo sa mga mag-aaral. Gayunpaman, may mga guro pa rin na tinatanggap ang hamon ng pagtuturo ng asignaturang hindi bahagi ng kanilang pangunahing medyor. Ito'y nagaganap sa pagsunod sa itinakdang responsibilidad sa kanila at sa pangarap na ipakita ang kanilang kahusayan sa pagtuturo kahit na ito ay ibang larangan mula sa kanilang nakasanayang itinuturo. Sa isang pag-aaral nina Pacana et al. (2019), napatunayan na ito ay laganap, partikular sa konteksto ng Pilipinas. Bagamat may mga hamon ang mga guro na ito, tinatanggap at sumusunod pa rin sila sa pagtuturo ng asignaturang hindi nila pangunahing larangan. Ito ay dulot ng kanilang diskresyon sa pagsunod sa mga alituntunin ng pamunuan ng paaralan.

Ayon naman sa pag-aaral ni Añez (2022) naman nagpapahayag na ang pagtugon ng isang guro sa pagtuturo ng asignaturang hindi niya medyor ay maituturing na isang panganib sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ipinakikita ng pagsusuri ang potensyal na epekto ng ganitong uri ng pagtuturo sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pagsusuri ay naglalaman ng obserbasyon na ang pagtuturo ng hindi

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

pinagkadalubhasaan ng guro ay nagiging mahirap dahil sa kawalan ng kasanayan at kaalaman sa mga itinuturo na maaaring maging hadlang sa wastong pang-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinapaabot nito na ang tagumpay ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay depende sa pagtuturo ng kanilang mga guro, at sa ganitong paraan, nagiging malaking hamon sa kanila ang pagtuturo ng asignaturang hindi nila pangunahing larangan.
Kaakibat nito, ayon kay Lopez et al. (2022), isa sa mga kinahinatnan ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang hindi nakaangkla sa kanilang espesyalisasyon ay ang posibilidad ng kabiguan at kawalan ng kasiyahan sa kanilang trabaho, na maaaring maging dahilan ng kanilang pag-alis sa kanilang mga pinagtatrabahuhan. Ang pagsusuri ni Recede et al., (2023), na may pamagat na 'Out-of-Field Teaching: Impact on Teachers’ Self-Efficacy and Motivation,' ay sumusuporta sa ideya na may 66.67% ng mga guro ang nagpahayag na wala silang kumpiyansa sa pagtuturo dahil sa kakulangan ng kanilang kaalaman sa paksang kanilang itinuturo. Dahil dito, maraming mag-aaral ang nagpapakita ng mababang antas ng akademikong pag-unlad dahil sa pagtuturong out-of-field.

Ang pagkakaroon ng mga guro na out-of-field ay nagaganap dahil sa kakulangan ng mga guro na may sapat na kasanayan sa iba't ibang paaralan sa Pilipinas, maging ito'y pribado man o pampubliko (Talili et al., 2021). Ayon din sa isinagawang pagsusuri ni Talili et al., (2021), ang karamihan sa mga guro na out-of-field ay nagtuturo ng Araling Panlipunan at Filipino. Ipinapakita nito na ang bilang ng guro na may espesyalisasyon sa Araling Panlipunan at Filipino ay limitado, kaya't kinakailangang punan ang kakulangan sa guro sa mga nasabing asignatura. Isa itong masalimuot na sitwasyon na nagpapakita na patuloy na bumababa ang bilang ng mga kumukuha ng kurso sa Araling Panlipunan, MAPEH, at partikular na sa Filipino. Ito ang nagtutulak sa mga paaralan na kumuha ng guro na kahit hindi eksperto sa asignaturang kanilang ituturo (Lacanlale, 2013).

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay maiugnay ang demograpikong profayl ng mga guro sa Filipino mula sa pribadong paaralan sa Pampanga na hindi nagpakadalubhasa sa asignaturang Filipino, kasama na ang karanasan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino kahit na ito ay taliwas sa kanilang pangunahing medyor. Sa pag-aaral na ito, mahahanap ang mga kalakasan at kahinaan ng mga guro sa Filipino sa aspeto ng pagtuturo. Mula rito, makakagawa ng plano ng aksyon ang mananaliksik na naglalaman ng mga mungkahi para sa mas magandang pagtuturo ng asignaturang Filipino, kasama ang mga sanggunian mula sa kanilang larangan at paano ito maipapatupad sa pagtuturo ng Filipino.
Ang pagsulong ng pagsusuri na ito ay may malaking pakinabang para sa mga guro sa Filipino, kahit na ito ay hindi kanilang pangunahing larangan. Ang mga resulta ng pagsusuri ay inaasahang magbibigay ng kontribusyon sa mas epektibong pamamahagi ng kaalaman at kasanayan sa pagtuturo, lalo na sa mga guro na kalahok sa pribadong paaralan sa Pampanga. Sa pangkalahatan, ang layunin nito ay palakasin ang kalidad ng pagtuturo sa asignaturang Filipino, na sumusunod sa mga layunin ng Kagawaran ng Edukasyon at ang pangunahing nilalaman ng kurikulum para sa nasabing asignatura.

### Mga Katanungan ng Pananaliksik

Layunin ng pag-aaral na ito na mailarawan ang pananaw ng mga gurong nagtuturo ng Filipino -taliwas sa kanilang tinapos na medyor- hinggil sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa pribadong paaralan. Nilalayon ng pananaliksik na ito na matugunan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Paano ilalarawan ang mga guro na hindi nagpakadalubhasa sa asignaturang Filipino batay sa mga sumusunod:
   1.1 Edad,
   1.2 Kasarian,
   1.3 Bilang ng taon sa pagtuturo,
   1.4 Pinakamataas na edukasyon na nakamit, at
   1.5 Kursong tinapos sa kolehiyo

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

2. Ano-ano ang mga suliranin ng mga gurong hindi dalubhasa sa Filipino sa paggamit ng mga estratehiyang pampaftuturo?
3. Ano ang mga karanasan ng mga guro na hindi dalubhasa sa asignaturang Filipino ngunit nagtuturo nito sa aspeto ng:
   3.1 Paggamit ng estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, at

   3.2 Pagsusulong ng mga programa na maaaring maging solusyon sa mga suliranin ng mga guro na nasa kategoryang "out-of-field teaching."

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumamit ng ang paralle convergent na paraan ng pagsusuri kung saan sabay na nagtipon ng datos ang mananaliksik gamit ang parehong quantitative (numerical) at qualitative (descriptive) na mga pamamaraan dahil layon nitong maipakita ang pananaw ng mga gurong nagtuturo ng Filipino na taliwas sa kanilang medyor at ng kanilang demograpikong propayl at kung mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol na nabanggit. Sa pagtukoy ng mga ito, isang plan of action ang iminumungkahi at mapaghihinuha ito batay sa kung ano ang kinalabasan ng pag-aaral ng mga guro ng nagtuturo ng Filipino. Ang estrukturang pang-eksperimentong Mixed Method Research (MMR) ang gagamitin sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, kung saan ang mga mananaliksik ay magkakaroon ng koleksyon at analisis ng kwalitatibo at kwantitatibong datos sa iisang pag-aaral (Smith & Shorten, 2017). Ang pangkalahatang layunin ng MMR ay ang pagbuklod ng kwalitatibong at kwantitatibong datos upang mapalawak at palakasin ang mga konklusyon na maaaring maging pundasyon para sa mga hinaharap na pananaliksik (Schoonenboom & Johnson, 2017).

### Respondente sa Pananaliksik

Sa pangunguna ng pag-aaral, gagamitin ang kwantitatibong pamamaraan sa pagsusuri ng demograpikong propayl ng mga guro, kabilang ang kanilang edad, kasarian, taon ng pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, at ang kurso na kanilang tinapos sa kolehiyo. Purposive sampling ang ginamit na paraan sa pagpili ng mga kalahok. Sampung (10) mga guro sa La Verdad Christian College na nagtuturo ng asignaturang Filipino na hindi nila medyor ang sumagot sa istandardisadong talatanungan na binuo sa anyo ng likert scale, batay sa pag-aaral ni Coronel (2019) na may pamagat na "Mga Suliranin at Akmang Programa ng mga Gurong Hindi Nagpakadalubhasa sa Asignaturang Filipino," upang masuri ang mga suliranin na hinaharap ng mga guro na hindi dalubhasa sa Filipino ngunit nagtuturo sa nasabing asignatura.

Bukod dito, gagamitin din ang kwalitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng interbyu sa pasulat sa mga guro mula sa pribadong sekundaryang paaralan sa Pampanga na hindi nagpakadalubhasa sa asignaturang Filipino ngunit nagtuturo nito. Ang layunin ay ang makakalap ng sariling opinyon at mungkahi mula sa mga guro, na magiging kapaki-pakinabang sa pagtugon sa lumalaganap na suliranin sa larangan ng out-of-field teaching.

Ang isang kategorya ng MMR na tinatawag na Convergent Parallel Design ang magiging batayan ng balangkas ng pananaliksik. Ito ay naglalayong paghambingin at pag-isa-isahin ang mga datos mula sa magkaibang pamamaraan upang magbigay ng masusing pagsusuri matapos ang pagsasaliksik nito (Fischler, 2017). Sa kabuuan, ang pananaliksik ay susundan ang balangkas ng Convergent Parallel Design, kung saan ang mga datos mula sa kwantitatibong at kwalitatibong pamamaraan ay nagbigay linaw sa kahalagahan sa kabuuang pananaliksik.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

### Paraan ng Pagsusuri ng mga Datos

Ang bahagi ng papel na ito ay naglahad, nagsuri at nagbigay ng angkop na pagpapakahulugan sa bawat datos na nakalap mula sa ipinamahaging talatanungan hinggil sa demograpikong propayl at suliraning kinahaharap batay sa estratehiya sa pagtuturo ng mga gurong hindi medyor sa Filipino ngunit nagtuturo ng asignaturang ito. Ang pagtalakay sa mga kasagutan ng tagatugon ay nahahati sa apat na bahagi: Ang unang bahagi ay nagtaglay ng datos hinggil sa Demograpikong Propayl ng mga gurong hindi medyor sa Filipino batay sa kanilang edad, kasarian, kursong pinagtapusan sa kolehiyo, bilang ng taon sa pagtuturo, at pinakamataas na edukasyong nakamit. Inilahad naman sa ikalawang bahagi ang datos tungkol sa Mga Suliraning Kinahaharap ng Gurong Hindi Medyor sa Filipino sa Istratehiya sa Pagtuturo ng Filipino mula sa istandardisadong talatanungang ginamit ni Coronel (2019) sa kaniyang pananaliksik na may pamagat na, Mga Suliranin at Akmang Programa ng mga Gurong Hindi Nagpakadalubhasa sa Asignaturang Filipino.

## RESULTA AT DISKUSYON

**Talahanayan 1.** Propayl ng mga Gurong Nagtuturo ng Asignaturang Filipino na Hindi nila Medyor

| Variable Categories | | f | Percentage |
|---|---|---|---|
| Kurso | BSED English | 6 | 60% |
| | BEED | 4 | 40% |
| Taon sa Pagtuturo | 0-1 year | 1 | 10% |
| | 2-5 years | 3 | 30% |
| | 6-9 years | 3 | 30% |
| | 10-14 years | 3 | 30% |
| | 20 years above | 0 | 0% |
| Edukasyong Natamo | Bachelor Degree | 9 | 90% |
| | BSED with MA Units | 1 | 10% |

Sa bahaging ito napapaloob ang propayl ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino na hindi medyor. Ang propayl ay nahahati sa mga sumusunod: 1) Kurso; 2) Taon ng Pagtuturo; at 3) Edukasyong Natamo. Ang mga gurong tagatugon ng isinagawang pag-aaral ay mula sa paaralan ng La Verdad Christian College. (1.) **Kurso.** Kasama sa propayl ng mga guro ang kursong napagtapusan, ang edukasyong kanilang natamo at kanilang mga naging karanasan sa pagtuturo. Inilalarawan sa talahanayan na ang mga guro na nagtuturo sa asignaturang Filipino na hindi medyor ay mayroong dalawang magkakaibang kurso. Ilan sa kanila ay nagtapos ng kursong BSED at BEED. BSED English (60%) at ang panghuli ay ang BEED (40%). Masasabi natin na medyo magaan ang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga guro na Ingles ang medyor sapagkat kadalasan ay nagkakatulad ang ilang mga aralin ng Filipino at Ingles pagdating sa pagtuturo ng wika at panitikan. Katulad na lamang din ng mga guro na nagtapos ng BEED, maaari silang makaranas ng iba't ibang suliranin sa pagtuturo dahil kahit pa sabihing may pagkakatulad ang ilang mga paksa na tinatalakay at pinag-aaralan iba pa rin ang lehitimong guro sa Filipino. Sa kabila nito hindi dapat ito maging hadlang upang magawa nila ang kanilang obligasyon at responsibilidad na maging tulay sa pagkatuto ng mga mag-aaral. (2.) **Taon sa Pagtuturo.** Ayon sa isinagawang pag-aaral lumalabas na marami sa mga guro na matagal na sa

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

propesyon o serbisyo ng pagiging guro ang nagtuturo ng asignaturang Filipino, sa katunayan mula 2-5 na taon, 6-9 na taon, at 10-14 na tao mayroong tig-tatlong (3) mga guro ang nabigyan ng asignaturang Filipino. Samantala mula 0-1 na taon mayroong isang gurong baguhan ang nabigyan ng asignaturang Filipino. Sila yung mga tipikal na guro na dahil matagal na sa serbisyo ay hindi na nila ito nagiging suliranin dahil sa dami na rin ng mga karansanang kanilang napagdaanan na maaaring makakatulong upang kanilang mas pag-igihan at pagbutihan ang panibagong hamon ng pagiging isang guro sa Filipino. (3.) **Edukasyong Natamo.** Nasa 90% na mga guro ang nakapagtapos ng "Bachelor's Degree" ng kanilang pag-aaral. Samantalang 10% ang nagpapatuloy ng kaniyang pag-aaral sa gradwado. Ang ilan sa kanila ay matagal na sa serbisyo ng pagtuturo at mas pinauunlad ang kanilang kaalaman sa pamamagitan ng mga pagdalo at paglahok sa mga seminar na maaaring makatulong sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan sa kanilang propseyon. Ipinakikita lamang dito na kahit hindi sila mga medyor sa Filipino ay nagnanais silang mas paunlarin ang kanilang kakayahan at kasanayan para maging isang epektibong guro na magiging tulay sa pagbabago.

**Talahanayan 2.** Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Guro na nagtuturo ng Filipino na hindi Medyor ng asignaturang Filipino

| Talatanungan | WM | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1.Talastasan o diyalogo gamit ang wikang Filipino sa mga mag-aaral sa loob ng klase | 1.80 | Hindi Nahihirapan |
| 2.Pagbuo at pag-iisip ng nakapupukaw na mga gawain | 2.40 | Di-gaanong Nahihirapan |
| 3.Kabisaan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo | 2.20 | Di-gaanong Nahihirapan |
| 4. Lalim ng kaalaman sa paksang tatalakayin | 2.50 | Di-gaanong Nahihirapan |
| 5. Wastong paggamit ng gramatika at balarila | 2.50 | Di-gaanong Nahihirapan |
| 6. Pagsasagawa ng Pagtataya | 2.30 | Di-gaanong Nahihirapan |
| 7. Pagtutugma sa kurikulum | 2.70 | Bahagyang Nahihirapan |
| 8. Interaktibong Pagkatuto ng mga mag-aaral sa paksang tinatalakay | 2.60 | Di-gaanong Nahihirapan |
| 9.Pagsasalin ng mga salita o pahayag mula sa wikang Ingles sa Filipino | 2.50 | Di-gaanong Nahihirapan |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| 10. Aplikasyon ng limang makrong kasanayang pangwika | 2.70 | Bahagyang Nahihirapan |
| 11. Pagpapakita ng Propesyonalismo sa pagtuturo ng asignatura. | 2.00 | Di-gaanong Nahihirapan |
| 12. Pagbuo ng mga tanong sa pagsusulit | 2.10 | Di-gaanong Nahihirapan |
| 13. Pag-unawa sa mga malalalim na mga salitang ginagamit sa mga akdang pampanitikan | 2.90 | Bahagyang Nahihirapan |
| 14. Pagbibigay ng panuto sa bawat gawain sa klase. | 2.00 | Di-gaanong Nahihirapan |
| 15. Pag-iisip ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo upang maging kapana-panabik ang aralin sa panitikan | 2.50 | Di-gaanong Nahihirapan |

| Iskala | Deskripsiyong Katumbas | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.21-5.00 | Lubhang Nahihirapan | Mabigat na Suliranin |
| 3.41-4.20 | Nahihirapan | Suliranin |
| 2.61-3.40 | Bahagyang Nahihirapan | Magaang Suliranin |
| 1.81-2.60 | Di-gaanong Nahihirapan | Di-gaanong Suliranin |
| 1.00-1.80 | Hindi Nahihirapan | HIndi Suliranin |

Lumabas sa pag-aaral na ito na ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ay ang Pag-unawa sa mga malalalim na mga salitang ginagamit sa mga akdang pampanitikan ang may pinakamataas na mean na 2.90. Nangangahulugan lamang na sa bahaging ito nahirapan ang mga kalahok sa pag-aaral bagama't ang deskriptibong interpretasyon nito sa iskala ay Di-gaanong Nahihirapan. Ayon kay Panganiban (n.d.), dalawa sa tinukoy niyang suliranin sa pagtuturo ng Filipino ay ang kakulangan sa bokabularyong Filipino o Tagalog at di-lubusang paglinang sa kahusayang magamit ang wikang Filipino sa pagtuturo. Sa Pilipinas, ang paggamit ng wika ay may malalim na kahalagahan hindi lamang sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa pang-araw-araw na buhay. Ito ang dahilan kung bakit ang pagsusuri ng paraan kung paano maaring gamitin ang diksyunaryo sa pagpapabuti ng kakayahan sa Filipino ay may matinding epekto sa mga mag-aaral, guro, at sa buong edukasyon sa bansa (Lima et. al, 2023).

Sa kabilang banda, lumutang namang mula sa labinlimang (15) mga kalahok ng pag-aaral, ang Talastasan o diyalogo gamit ang wikang Filipino sa mga mag-aaral sa loob ng klase ang may pinakamababang mean na 1.80. Ibig sabihin, hindi nahihirapan ang mga gurong na gamitin ang wikang Filipino sa pakikipag-usap o pakikipagtalastasan sa mga mag-aaral sa loob ng klase sa kadahilanang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes were indicated.

karamihan sa kanilang mga tinuturuan sa loob ng klase ay nakauunawa at nakapagsasalita ng wikang Filipino.

**Talahanayan 3.** Buod ng Tema, Kaugnay na Kodigo at Tugon ng mga Respondente ukol sa karanasan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| Tema | Kodigo | Data Extraction/Code |
|---|---|---|
| **Mga karanasan na nahirapan ang mga gurong *out-of-field* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino** | **Nahihirapan** | "...nahihirapan akong magturo ng asignaturang filipino lalo na pag sobrang lalim ng mga salita." (4) |
| | **Kalaliman ng salita** | "...Paggamit at pag-intindi ng mga malalalim na salita." (3) |
| | **Hindi pamilyar sa mga terminolohiya** | "May ilang mga malalalim na salita na hindi ko kayang mabigyan ng malawak na eksplanasyon.." (7) |
| | **Pagsasalin ng mga aralin at salita mula sa wikang Ingles** | "...Nahihirapan sa pagpapaliwanag na Hindi nahahaluan ng salitang Ingles ang bawat pangungusap.." (1) |
| | **Hindi pamilyar sa aralin** | "Isa sa hamon na naranasan ko ay ang pagtuturo ng akda tulad ng Florante at Laura. Kinakailangan na basahin at pag-aralan ko itong mabuti upang makasigurado ako na tama ang mga impormasyon na ibabahagi ko sa aking klase.." (5) |
| | **Walang sapat na kaalaman sa pagtuturo ng asignaturang Filipino** | "Kailangan kong magbigay ng mas malaking oras para aralin ang mga aralin.." (6) |
| | **Kahirapan sa paglapat ng pamamaraan/estratehiya sa pagtuturo** | May ilang mga hamon akong naranasan sa pagtuturo ng Filipino. Isa na rito ay ang pag-iisip ng mga estratehiya sa pagtuturo para maging kawili wili ang aralin lalo na't batid natin na nawawalan na sila ng interes sa asignaturang ito. Mahirap din ang pagbuo ng mga tanong sa pagsusulit at ang |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes were made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | | pagbibigay ng mas madaling panuto kapag may mga pangkatan o indibidwal na gawain..” (10) |

Mula sa talahanayang ito, lumabas na karamihan sa kanila ay nahihirapan pagdating sa kalaliman ng salita at pagbibigay ng halimbawa ng salitang malalalim na naging dahilan ng kahirapan sa pag-unawa o pag-intindi ng mga pangungusap at salita upang ituro ang isang aralin. Bukod pa roon ay may mga respondente na hindi pamilyar sa mga terminolohiya sa Filipino kaya naman may mga pagkakataon na nahihirapan ang mga guro na ipaliwanag ito. Kaugnay nito ay ilan din sa naging tugon ng mga respondente ay nahihirapan sa pagsasalin ng mga aralin at salita mula sa wikang Ingles patungo sa wikang Filipino, ito ay marahil ang mga respondente ay walang sapat na kaalaman sa tamang pagsasalin ng wika. Mula rito ay may ilan pang mga respondente na nagbigay ng mga tugon batay sa mga naging karanasan nila sa pagtuturo ng asignaturang Filipino kabilang na rito ay hindi sila pamilyar sa aralin, walang sapat na kaalaman sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, kahirapan sa paglapat ng pamamaraan/istratehiya sa pagtuturo, kahirapan sa pagtuturo ng asignatura dahil sa iba ang unang wika ng guro, pagtuturo ng vernakular na wika at paggamit ng purong wikang Filipino sa pagtuturo, ito ay patunay na lamang na hindi nila porte ang pagtuturo ng asignaturang Filipino kaya naman sila ay nakararanas ng iba’t ibang suliranin sa pagtuturo nito.

**Talahanayan 4.** Buod ng Tema, Kaugnay na Kodigo at Tugon ng mga Respondente ukol sa Mungkahing programa para sa Kinauukulan

| Tema | Kodigo | Data Extraction/Code |
|---|---|---|
| | | “Maaari na magbigay ng mga seminar para sa mga guro na nasa out of field teaching upang makapaghanda at makapag-adjust sa kanilang mga asignaturang tinuturo. Bukod pa rito, maganda rin na magkaroon ng paghihingkayat na alamin at mahalin ang wikang Filipino hindi laman sa mga estudyante kung hindi rin sa mga guro.….”(2)<br><br>”Magkaroon ng mga karagdagang 'seminars' para maituro ang mga pangunahing aralin, statehiya sa pagtuturo ng Filipino dahil reyalidad na hindi marami sa mga guro ay kumukuha ng Filipino bilang 'major' na asignaturang ituturo….” (6) |
| **Mungkahing programa para sa Kagawaran ng Edukasyon** | **Pagsagawa ng mga pagsasanay (Seminars)** | "Una, bigyang prayoridad ang mga gurong totoong nagtuturo ng Filipino. Dahil sila ang haligi |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | | upang maging dekalidad ang sistema ng edukasyon. Pangalawa, para sa mga gurong hindi naman talaga nakalinya sa pagtuturo ng Filipino, ang pwede kong maipayo ay pagbibigay ng iba't ibang interaktibong seminar o ang Professional Development program na makakatulong upang mas mahasa pa nila ang kanilang kakayahan. "(5) |
| | **Pagbibigay sa guro ng asignaturang ituturo (teaching loads) na akma sa kaniyang espesyalisasyon** | "…. hindi naman lahat ng guro na hindi major ang asignaturang itinuturo ay wala ng kakayahang ituro ito; sa ganoong perspektibo, hindi lahat ng major ang asignaturang itinuturo ay may sapat ng kakayahan upang maituro ito kaya kinakailangan akma na lamang sa espesyalisasyon ang ituturo... “(7) |
| | **Pagsagawa ng Focus Group Discussion o Pagpupulong** | “..."Mas maigi pa rin na kung ano ang iyong natapos na pangunahing espesyalisasyon ay iyon ang ituro mo.<br>Sa pagkakataon na walang ibang hahawak ng asignatura na iyon, mangyaring magkaroon muna ng pagpupulong ang mga guro upang matulungan ang nasa out of field teacher upang kahit papaano tama ang kanyang maituturo at mabigyan siya ng ideya kung ano ang dapat na estratehiya sa mga aralin."(4)<br><br>.. Mas maganda may pagpupulong lalo na sa pagsasagawa ng mga pagtataya at pagsusulit” |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | **Walang suhestyon dahil nakatulong ito.** | “Para sakin, hindi naging masama ang epekto na ako'y pinagturo ng Filipino. Ito ay naging daan para mas lumawak pa ang aking kaalaman at maalala ang mga pangunahing kaalaman na nalimutan ko na.” (1) |
| | **Walang mungkahi** | wala pa akong suhestiyon (3)<br>n/a (9)<br>Wala (10) |

Mula sa naging tugon ng mga respondente, marami ang nagmungkahi ng pagsasagawa ng mga pagsasanay (seminars) para sa mga gurong *out-of-field* nang sa gayon ay magkaroon sila ng karagdagang kaalaman at kasanayan na makatutulong sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sang ayon dito ang pag-aaral ni Boudersa (2016), na ang ganitong mga programa ay makatutulong sa mga guro na mapaghusay ang kanilang mga kasanayan sa pagtuturo at mas mapalalim ang kanilang kaalaman sa paksang kanilang itinuturo, at upang higit na mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mungkahing pagbibigay sa guro ng asignaturang ituturo na akma sa kaniyang espesyalisasyon ay isa rin sa nakakuha ng maraming tugon mula sa respondente dahil ayon sa kanila, kung naaakma ang espesyalisasyon ng guro sa asignaturang ituturo ay higit na mas magiging epektibo at mas kalidad ang pagtuturo at pagkatututong matatamo ng mga mag-aaral. Iminungkahi rin ang pagsagawa ng *Focus Group Discussion*. Samakatuwid, kinakailangan pa rin ng mga guro na sikaping mapalago ang kaalaman at kasanayan sa sariling pamamaraan kaakibat ng mga programang maaaring isagawa ng Kagawaran ng Edukasyon. Sa kabilang banda, may mga respondente ang hindi nagbigay ng suhestiyon at mungkahi.

## KONKLUSYON

Naipakita sa isinagawang pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan ang demograpikong profayl ng mga gurong out-of-field sa antas ng suliraning kinahaharap sa istratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Lumabas sa isinagawang pag-aaral na karaniwan sa mga gurong respondente ay nasa pagitan ng Early Adulthood at Early Middle Age, na karaniwang nasa edad na 30 hanggang 32. Karamihan sa kanila ay nagtapos sa kursong BSED na nagpapakadalubhasa sa Ingles, dahilan upang tumanggap sila ng teaching load sa Filipino, at iba pa ay may kursong BEED. Ang mga gurong kalahok sa pag-aaral ay may malalim na kaalaman hinggil sa iba’t ibang pedagohiya, nilalaman, at wika, na esensiyal sa epektibong pagtuturo at pagkatuto. Sa pinakamataas na edukasyong nakamit, isa ang kasalukuyang kumukuha ng masteral degree habang ang karamihan ay may Bachelor's degree. Ipinakikita rito ang kahalagahan ng walang katapusang pag-aaral upang malinang ang propesyonal na karera ng mga guro.

Sa mga gurong out-of-field, nahihirapan sila sa pag-unawa ng mga malalalim na salitang ginagamit sa mga akdang pampanitikan. Aktibo silang naghahanap ng mga paraan upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagtuturo, kabilang ang pagbabasa, pagsasagawa ng pananaliksik, at pagkonsulta sa mga eksperto. Kabilang din dito ang paghingi ng patnubay mula sa mga bihasang tagapagturo ng Filipino, pagbuo ng mga angkop na pamamaraan ng pagtuturo, at pagdalo sa mga seminar. Ang mga hakbang na ito ay nagpapakita ng determinasyon ng mga gurong out-of-field na palalimin ang kanilang pag-unawa sa asignaturang Filipino. Inirekomenda rin ang pagsasagawa ng mga seminar, workshop, at

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

iba pang programa upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon na kanilang maibibigay. Ang mga mungkahing ito ay inaasahang maipatupad bilang suporta mula sa mga kinauukulan upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan at mapabuti ang istratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

## MGA SANGGUNIAN


Anez, R. (2022, May 8). Pananaw at danas ng mga gurong Filipino: Batayan sa pagbuo ng plan of action. SlideShare. https://www.slideshare.net/AJHSSRJournal/pananaw-at-danas-ng-mga-gurong-filipino-batayan-sa-pagbuo-ng-plan-of-action

Augusto Jr., W. S. (2020). Sulyap sa Buhay ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino bilang Out-of-field: Isang Penomenolohikal na Pagsusuri. *The Normal Lights, 14*(2). https://doi.org/10.56278/tnl.v14i2.1651

Barberos, M., Gazaro, A., & Padayogdog, E. (2019). The Effect of the Teacher's Teaching Style on Students' Motivation. https://steinhardt.nyu.edu/departments/tQeachingandlearning/research/practitioner-action-research/effect-teachers-teaching

Benito, J. (2023). Kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. *Global Scientific Journal.*https://www.globalscientificjournal.com/researchpaper/Kahandaan_ng_Guro_sa_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_sa_Antas_Sekondarya.pdf

Bernardo, A. B. I., Wong-Fernandez, B., Macalaguing Jr, M. D., & Navarro, R. C. (2020). Filipino senior high school teachers' continuing professional development attitudes: Exploring the roles of perceived demand amid a national education reform. *Journal of Research, Policy & Practice of Teachers & Teacher Education, 10*(2), 63–76. https://doi.org/10.37134/jrpptte.vol10.2.5.2020

Blazar, D., & Kraft, M. A. (2016). Teacher and teaching effects on students' attitudes and behaviors. *Educational Evaluation and Policy Analysis, 39*(1), 146–170. https://doi.org/10.3102/0162373716670260

Burroughs, N., Gardner, J., Lee, Y., Guo, S., Touitou, I., Jansen, K., & Schmidt, W. (2019). Teaching for Excellence and Equity Analyzing Teacher Characteristics, Behaviors and Student Outcomes with TIMSS. https://link.springer.com/book/10.1007/978-3-030-16151-4

Coronel, J. A. (2019). Mga Suliraning Nararanasan at Akmang Pagsasanay para sa mga Gurong Hindi Nagpakadalubhasa sa Asignaturang Filipino.

Du Plessis, A., & McDonagh, K. (2021). The out-of-field phenomenon and leadership for wellbeing: Understanding concerns for teachers, students and education partnerships. *International Journal of Educational Research, 106*, 101724. https://doi.org/10.1016/j.ijer.2020.101724

Fischler, A. S. (2017). Mixed Methods. NOVA Southeastern University. https://education.nova.edu/Resources/uploads/app/35/files/arc_doc/mixed_methods.pdf

Ibay, R. M. (2021, January). Kakayahan ng mga Guro sa Filipino: Susi sa Pagpapayaman ng Kaalaman sa Gramatika ng mga Mag-aaral. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/348349990_Kakayahan_ng_mga_Guro_sa_Filipino_Susi_sa_Pagpapayaman_ng_Kaalaman_sa_Gramatika_ng_mga_Mag-aaral



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Javier, J. (2021). Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Filipino sa Bagong Kadawyan. https://www.researchgate.net/publication/356961725_Makabagong_Pamamaraan_ng_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Bagong_Kadawyan

Juancho, C. (2021). Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Pagtataya sa Teknolohikal, Pedagohikal at Kaalamang Pangnilalaman. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development,* *9*(1), 2782–8557. https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/02/APJMSD-2021-01-001a.pdf

Kwak, Y. (2019). Secondary school science teacher education and quality control in Korea based on the teacher qualifications and the teacher employment test in Korea. *Asia-Pacific Science Education, 5*(1). https://doi.org/10.1186/s41029-019-0040-0

Lacanlale, C. (2013). Ningas ng sulo ng mga natatanging gurong di-medyor sa Filipino sa maalong dagat ng pagtuturo. https://rpo.ua.edu.ph/wp-content/uploads/2020/06/5.-Celia-R.-Lacanlale-137-198.pdf?fbclid=IwAR0f_1kpkhOezUkR1cCRJz3aRqj-tzAXaB07ywDdBav-KCCgPM9lGw_50A0

Lopez Jr., H. B., & Roble, D. B. (2022, November 3). Sambe, M. (2015). Out-of-field teaching. *The African perspective*. Retrieved from http://www.tapmagonline.com/out-of-field-teaching-by-mariam-sambe/

Lopez, R. (2021, December 21). Pagtuturo ng Asignaturang Filipino Ngayong Online Class. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/356853584_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_Ngayong_Online_Class

O'Meara, N., & Faulkner, F. (2021). Professional Development for Out-of-Field Post-Primary Teachers of Mathematics: An Analysis of the Impact of Mathematics Specific Pedagogy Training. *Irish Educational Studies, 16 Mar*., 1–20. https://doi.org/10.1080/03323315.2021.1899026

Orale, R. L., & Sarmiento, D. H. (2016). Senior High School Curriculum in the Philippines, USA, and Japan. *Journal of Academic Research*. https://www.researchgate.net/publication/318494693_Senior_High_School_Curriculum_in_the_Philippines_USA_and_Japan

Schoonenboom, J., & Johnson, R. B. (2017). How to Construct a Mixed Methods Research Design. KZfSS Kölner Zeitschrift für Soziologie und Sozialpsychologie, 69, 107–131

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.